

Ulat ng mga Buhay-ilang sa Jomalig

Magmula pa noong 1999, and mga mag-aaral ng biyolohiya buhat pa sa UPLB at Oxford University sa Inglatera ay nagsasagawa ng mga pag-aaral sa kagubatan at buhay-ilang ng buong Kapuluan ng Polillo kasabay ng Polillo Ecology Stewardship Programme (Programa sa Pangangasiwa ng Ekolohiya ng Polillo) na pinangungunahan ni Vicente Yngente. Ang mga sumusunod na kaalaman ay ang kinalabasan ng maikling pagbisita sa Jomalig noong Setyembre 2001 kaya inaasahan namin na maging makabuluhan sa bawat mamamayan ng inyong bayan:

PAPAN

Ang populasyon sa Jomalig ng Papan, isang nanganganib na uri ng ibon sa buongdaigdig, ay napakahalaga kaya kinilala ang Jomalig bilang mahalagang lugar para sa mga ibon (important bird area). Ang papan ay kilala din bilang Philippine Duck dahil natatagpuan lamang ito sa buong kapuluan ng Pilipinas. Sa buong Pilipinas, ang bilang ng Papan ay bumaba ng matindi dahil sa pangangaso at pagkawala ng tirahang wetland. Ang populasyon ng Papan ay inakalang bumaba ng higit sa 20% sa loob lamang ng 10 taon at ngayon ay sadyang nanganganib. Ang Jomalig ang isa sa mga huling kanlungan ng Papan. Nangangailangan ang mga ito the pagkalinga upang masiguro ang kaligtasan nila para sa mga susunod na henerasyon.

Ang mga marshes at matubig na palayan ay tumataguyod sa papan pati na din sa mga populasyon ng tagak, ibapang mga nagtatampisaw na ibon at baliwis; ang huling nabanggit na ibon ay sumisipol kapag humuhuni di tulad ng Papan na kumukuwak.

Ang mga maliliit na gubat ng Jomalig ay mahalagang hapunan at kainan ng mga ibon tulad ng kilyawan at koel at para sa paniki (bayakan). Ang mga bayakang ito ay naninirahan lamang sa Pilipinas at bibihira ng makita sa buong bansa dahil sa pangangaso at pagkawala ng kagubatan.

Sa kalooblooban ng mga gubat-bakawan ng Jomalig ay kailangan sa pagpaparami at narseri ng mga isda.

Ang mga lugar na minarkahan na damuhan at niyogan ay nagbibigay ng di-tiyak na pag-uuri ng paggamit ng lupa bagaman maraming mga lugar kung saan ang dalawa ay magkasalit.

Ang Kalangay, isang dating naninirahan sa Jomalig, ay naglaho na sa Jomalig. Kailangang mapangalagaan na ang mga uring nalalabi dahil may pagkakataon pa. Napakahalagan kung:

- *Mabatid na ang papan ay pambihirang ibon na maipagmamalaki ng mga taga-Jomalig. Hindi ito alagaing-hayop ngunit kailangang pahalagahan sa likas nitong kapaligiran.*
- *Pagtuonang pansin at talakayin ang mga buhay-ilang ng Jomalig sa loob ng komunidad lalong-lalo na ang kahalagahan at kalagayan ng papan.*
- *Maging mapagbantay sa: (1) Mga kolektor ng mga itlog ng mga ibon at mga inakay nito lalo na sa papan at tabon (2) tuwirang kalupitan sa mga papan at pagbabago sa kanilang tirahang wetland.*
- *Pangalagaan ang mga tirahang wetland at bakawan kung saan nakasalalay ang mga bihay-ilang ng Jomalig.*